

# Mga Rebolusyonaryong Awitin

INIHANDA PARA SA PALIHAN SA REBOLUSYONARYONG DULAAN AT PANITIKAN
sa isang larangang gerilya sa Bikol, Agosto 28-Setyembre 5, 2004

# INTERNATIONALE

*Pasakalye : E- Am-C-G-D7-G-D7*

```
     G – G7              C-C/B-Am
Bangon sa pagkakabusabos
       D     D7            G     D7
Bangon mga bihag ng gutom
   G       G7                   C-C/B-Am
Katwiran ay bulkang sasabog
         D          D7      G
Buong lakas na dadagundong

            D     A             D
Gapos ng kahapo'y lagutin
               A                    F#
Tayong api ay magbalikwas
 A-D          D7      G-Em
Tayo ngayo'y inaalipin
           D       A7       D-D7
Subalit atin ang bukas
```

***Koro:***

```
            G    G7    C-C/B- Am
Ito'y huling paglalaban
            D     D7            G  D7
Magkaisa nang masaklaw
     G      D      Em
Ng Internationale
          A      A7   D-  D7
Ang sangkatauhan.
           G       G7    C-C/B-Am
Ito'y huling paglalaban
         D           D7       B7
Magkaisa nang masaklaw
```

*E- E7 Am*
Ng Internationale
*C G D G – D7*
Ang sangkatauhan

Wala tayong maaasahang
Bathala o manunubos
Kaya't ang ating kaligtasa'y
Nasa ating pagkilos

Manggagawa bawiin ang yaman
Kaisipa'y palayain
Ang maso ay ating tanganan
Kinabukasa'y pandayin

*(Ulitin ang Koro)*

Manggagawa at magsasaka
Ating partido'y dakila
Palayasin ang mga gahaman
Sa anakpawis ang daigdigan

Wakasan pagsasamantala
Ng mga buwitre at uwak
Sa umagang sila'y maglaho
Mapulang araw sisikat

*(Ulitin ang Koro)*

**Ito ang ikatlong bersyong Pilipino ng Internationale. Ang orihinal ay sinulat ni Eugene Pottier, makatang proletaryo at nilapatan ng musika noong 1888 ng manggagawa-kompositor na Pranses na si Pierre Degeyter. Nalikha ito batay sa karanasan ng Komuna ng Paris noong 1871. Ang Komuna ng Paris ang kauna-unahang rehimeng proletaryo sa sangkatauhan na bagama't nabigo ay nagsilbi namang inspirasyon sa lahat ng mga uring pinagsasamantalahan sa buong daigdig.*

## ANG GABAY

*Intro:* *C – Em – FM7 – C – FM7*
*C –D – G – G7*

*C Em FM7 C*
Tumatagos sa diwa ang iyong pagsikat
*FM7 C D G*
Nagsisilbing gabay ang iyong liwanag
*C Em FM7 C*
Sa balat ng lupa, ang ningning mong sinag
*FM7 C D-G C – C7*
Katumbas ay ginto sa aming mahihirap.

***Koro 1 :***
*Am Em FM7 C*
Kung sa aming buhay ay di ka dumating
*FM7 C D G*
Di namin malilikha mga gintong awitin
*Am Em FM7 C*
Binulag man kami ng mga ganid at sakim
*FM7 C D G C G –G7*
Ang mga sinag mo ang tunay na nagpaluningning.

*C Em FM7 C*
Tulad mo ay butil na hinasik sa bukid
*FM7 C D G*
Tumubo’t namulaklak sa aming anakpawis
*C Em FM7 C*
Ang lambong ng gabi’y iyong pinapalis
*FM7 C D-G C – C7*
Na nagpapalaya sa isipang napiit.

***Koro 2:***

```
    Am          Em
Pag-asa kang tunay
      FM           C
Sa pagbubukang-liwayway
FM7   C   D         G
Na sa amin ay gintong sumilay
  Am         Em         FM7    C
Anong tamis pala ang sa lupa mamuhay
     FM7        C     D-G        C
Kung sa pagpapakasakit ay may tagumpay

    Am         Em      FM7    C
Pag-asa kang tunay Partido Komunista
FM7     C  D         G
Na sa amin ay magpapalaya
 Am          Em          FM7    C
Anong tamis pala ang mamuhay sa lupa
      FM7        C
Kung sa pagpapakasakit
D-G      C
Tayo'y lalaya.
```

## PAG-IBIG SA TINUBUANG LUPA

*Pasakalye: Am – F – E (2x)*

*Am-E Am*
Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya
*G -G7 C*
Sa pagkadalisay at pagkadakila
*E7 Am*
Gaya ng pag-ibig sa tinubuang lupa
*F E*
Aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala.

*Am E Am*
Walang mahalagang hindi inihandog
*G G7 C*
Ng may pusong wagas sa bayang nagkupkop,
*E7 Am*
Dugo, yaman, dunong, katiisa’t pagod
*F-Dm E7*
Buhay ma’y abuting magkalagut-lagot.

***Koro:***
*F C*
Ang nakaraang panahon ng aliw
*G - G7 C-E7*
Ang inaasahang araw na darating
*F C*
Ng pagkatimawa ng mga alipin
*G-G7 C-E7*
Liban pa sa bayan, saan tatanghalin?
*F C*
Sa aba ng abang mawalay sa bayan
*G-G7 C-E7*
Gunita ma’y laging sakbibi ng lumbay
*F C*
Walang alaala’t inaasam-asam
*G-G7 C-E7*
Kundi ang makita’y lupang tinubuan

```
                 Am-E                         Am
Kayong nalagasan ng bunga't bulaklak
                      G-G7                      C
Kahoy niyaring buhay na nilanta't sukat
         E7                            Am
Ng bala-balakit makapal na hirap
                 F    - Dm               E
Muling manariwa't sa baya'y lumiyag

                          Am-E                        Am
Ipinakahandug-handog ang buong pag-ibig
                          G-G7                  C
Hanggang sa may dugo'y ubusing itigis.
                          E7                Am
Kung sa pagtatanggol buhay ay kapalit
             F-Dm                      E
Ito'y kapalaran at tunay na langit
```

***Koro 2:***

```
                   F                    C
Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya
                 G-G7               C-E7
Sa pagkadalisay at pagkadakila
                 F                      C
Gaya ng pag-ibig sa tinubuang lupa?
                 G-G7                     C
Aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala.
                 F                        C
Gaya ng pag-ibig sa tinubuang lupa
                 G-G7                     C
Aling pag-ibig pa? Wala na nga , wala...
```

* *Ang awit na ito ay batay sa tula ni Andres Bonifacio, ang dakilang lider ng Rebolusyong 1896 na lumaban sa kolonyalismong Espanyol.*

## ANG BAGONG HUKBONG BAYAN

*Pasakalye: Dm – A (4x)*

```
      Dm
Ang Bagong Hukbong Bayan
    Gm  A          Dm
Sandata ng sambayanan
     Gm           Dm
Ang hukbo ng himagsikan
            A            A7
Tagapagtanggol ng kalayaan.
    Dm
Sa patnubay ng Partido
      Gm    A      Dm
Pakikibaka'y isusulong
        Gm          Dm
Mga Pulang mandirigma
          A              A7
Iyan ang Bagong Hukbong Bayan
```

***Koro:***

```
   Dm              A
Bandilang pula iwagayway
                Dm
Tanda ng pakikibaka
      D7       Gm
May maso at may karit
        A              A7
May gintong kasaysayan.

    Dm             A
Bandilang pula iwagayway
               Dm
Tanda ng pakikibaka
```

*D7 Gm*
Himagsikan ay isulong
*A Dm*
Hanggang sa tSSSagumpay! *(3x)*

*A – Dm (fade-out)*

** Nilikha sa Kamaynilaan noong 1971. Ito ang unang nalikhang kanta tungkol sa Bagong Hukbong Bayan. Maaari itong awitin sa mga pulong-masa, pagtitipon na gaya ng anibersaryo, pag-aaral ng EKM-Hukbo at iba pa.*

## BANDILANG PULA

*Capo 2nd fret*
*Pasakalye: E (Pause)*

```
                    B7    E
Iwagayway ang bandilang pula
  E7    A         B7    E-B7
Ng armadong pakikibaka

   E
Ating iwagayway ang bandilang pula
       B7       E
Tungo sa tagumpay
         B7              E
Imperyalismo ay dudurugin
   A             E
Bayan ay lalaya rin

         E             A     E
Iwagayway ang bandilang pula
               A        B7
Rebolusyo'y ating isulong
       E            E7
May maso at may karit
          A           E
May gintong kasaysayan
          A          E
Di kailanman iwawalay
         A            B7
Sa hirap at sa tagumpay
```

```
               E                  E7
Saklutin man yaring buhay
                A                  E
Diwang pula'y di papanaw
                A                     E         C#m
Saan pa mang larangan ng digma
             E                      B7       E
Iwagayway ang bandilang pula
```

***Koro:***

```
 E
Halina mga kapatid
                    B7
Ating iwagayway
                                                        E
Ang bandilang pula na may maso at karit
 E                           E7                  A
Ang bandilang ito ay ari nating tunay
                        E               B7                E
At dadalhin natin hanggang sa tagumpay.
```

** Ang himig ng kantang ito ay mula sa Bandilang Punit-punit, isang popular na awitin noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Isinulat ito noong 1971.*

## ANAK NG BAYAN

*Intro: C-G-Am-G (2x)*

*C    G       Em      Am*
Inay, Itay ako po ay lilisan
*C              G       Em     Am*
Patutunguhan ko ay isang digmaan
*C      G            Em       Am*
Mag-aalay ako ng panahon at buhay
*C        G     Am   G*
Para sa kalayaan

*C     G            Em       Am*
Inay, Itay wag kayong mag-alala
*C                  G             E            Am*
Inyong pagmamahal ay lagi kong madarama
*C               G         Em             Am*
Sa marami pang ama at inang mapagkalinga
*C              G      Am-A7*
Sa tahanang alay nila

***Koro:***
*Dm            G*
Sa aking pag-alis
*C          C/B-Am*
Kayo'y hindi rin mawawalan
*Dm       G       C                      FM7*
Libong anak sayo'y laging magdaraan
*C         G*
Katulad ko rin
*FM7        G            C-C7*
Mabubuting anak ng bayan

***Tulay:***

```
     F                G    Am
Pagbati ko sa inyo'y ihahatid nila
   FM            G         Am
Sila'y anak nyo rin at kasama
     FM7                G        Am
Kasabay ng mga ngiting sasabihin nila
  F   G              C (Intro)
Inay, Itay kumusta na

 C     G      Em          Am
Inay' Itay sa ating paglalayo
  C             G           Em        Am
Pinapangako kong hindi tayo mabibigo
     C          G         Em         Am
Ang ating hangad na malayang bukas
 C G                Am    A7
Ay tiyak na matutupad
```

*(Ulitin ang koro)*

```
   C        G
Katulad ko rin
     FM7       G        C
Mabubuting anak ng bayan...
```

## TAMBANG

*Pasakalye : Em-C (2x)*

```
 Em
Isang saglit na lamang ang hinihintay
                           C       Em
Dumapa ng dahan-dahan sa gilid ng daan
        C  D             Em
Nariyan na, nariyan na ang kaaway
       C   D              Em
Papalapit, papalapit sa ating hanay
 Em
Pandama'y talasan, sandata'y ikasa
                       C              Em
Huwag lilikha ng ingay, kumubli't maghanda
        C    D               Em
Nariyan na, nariyan na ang kaaway
      C    D                  Em
Papalapit, papalapit sa ating hanay

      Em
Dinggin mo ang atas, sundin bawat kumpas
                 C            Em
Abe, baking, kaloy sugod buong lakas
        C     D               Em
Nariyan na, nariyan na ang kaaway
      C    D                  Em
Papalapit, papalapit sa ating hanay
```

***Koro:***

    Am        D    B7         Em
Mga pasistang pahirap sa masa
        C     D        Em
Nariyan na, nariyan na
    Em  Am
Ang gatilyo'y kalabitin
     D         G
Isa-isang asintahin
     C        Am      B7
Ang bala ay wag sayangin
    Am   D       Em
Armas nila'y samsamin

F#m
Pagputok sabay-sabay, wag maglulubay
                        D          F#m
Hanggang mga kaaway magtaasan ng kamay

            D         E        F#m
Isang tagumpay sa Bagong Hukbong Bayan
           D        E         F#m
Isang tagumpay sa ating Digmang Bayan
                  E         F#m
Isang tagumpay, isang tagumpay...

## LUKSAMPATI

*Pasakalye: Am*
*Capo 5th fret*

*Am          D           E            Am*
Sa pakikibaka, siya'y pinaslang
*                   D                  E            Am*
Ngayo'y ililibing, huwag siyang tangisan
*                D              E               Am*
Sugat na sariwa'y medalyang duguan
*  Dm          Am    E                 Am*
Habilin sa atin, lalong tumapang
*     Am          D         E              Am*
Patayin man nila libong kasamahan
*                  D            E            Am*
Bulkang kukulo ang poot ng bayan
*                D            E            Am*
Ito ang sisingil sa laksang pautang
*       D           Am       E            Am*
Dudurog sa bawat pasistang kaaway

***Koro:***
*    Dm                        Am*
Hindi kayo mamamatay
*    Dm                   Am*
Hindi kayo malilimot
*   Dm          Am*
Sa puso ng sambayanan
* E                      Am*
Itatayo ang bantayog
* Dm                        Am*
Sigaw ninyo'y maririnig
*     Gm                      Dm*
Sa lahat ng dako't sulok

```
   Dm                       Am
Sigaw ng pagbabalikwas
          E                         Am
Makibaka, huwag matakot

  Dm                     Am
Sigaw ng pagbabalikwas
         E                            Am
Makibaka, huwag matakot
      Dm         E                     A
Makibaka, huwag matakot!
```

## PAGBABALIKWAS

*Pasakalye: G-C-G-Em-Am-D7-G-D-G-D7- or G-D-G*

```
     G                              C
Luha'y pawiin na Inang Pilipinas
      A7                                    D - D7
Pagkat sa bukirin ngayo'y namamalas
 B7                                 Em
Mamamayang pilit 'ginupo ng dahas
                        A7                            D D7
Pawang nakatindig at may hawak na armas
        G                          C
Ang mga pasakit pilit na kinakalas
                     G        D             G   D7
Mapagsamantala'y aalisan ng lakas.

      G                              C
Dugong magsasakang dati'y idinilig
      A7                            D       D7
Sa 'yong larangan daloy pa ay dinig
 B7                            Em
Sa panahong ito'y nagsisilbing bisig
              A7                                D   D7
Ng mga manggagawang siya ngayong may tinig
     G                        C
Sa bagong kilusan sa buong daigdig
                           G         D            G   G7
Na siyang magpapatid ng kadena sa bisig.
```

***Koro:***

*C D G*
Masdan mo ang parang sa 'yong paligid
*Em Am D G G7*
Lahat ay nariyan, anak mo ang papatid
*C D G*
Sa kawing ng imperyalistang ganid
*Em Am A7 D D7*
Hanggang ang demokrasya'y maitayo nang tuwid.

*G C*
Huwag ka nang malumbay, Inang Pilipinas
*A7 D D7*
Kahit na may ilang anak kang malagas
*B7 EM*
Moog nating bakal na kubling likuran
*A7 D D7*
Ang mga bukirin ay isang katiyakan
*G C G EM*
Uring mapang-api, ating ibabagsak
*Am D7 G D G (G7)*
At mailalatag ang mapulang bukas.

*(Ulitin ang Koro at huling saknong...)*

* *Ang* Pagbabalikwas *ay isang orihinal na awiting nagsimulang lumaganap sa kilusan sa kalunsuran noong 1972.*

## AWIT SA KASAL

```
 G                          Am
Kung namamalas ninyong
       D         G       Em
May ulap sa silangan
                  Bm       C                        D
Karimlan ng gabi ay huwag gawing mapanglaw
        Am              D             G
Magkatugmang damdaming luwal ng digmaan
        C              G D                   G-D
Pinagtibay ngayon ng makauring kasal

        G                       G7
Sapagkat kayo'y mga tapat na kasama
       C                                G
Masaya ang Partido, hukbong bayan at masa
      Am         D          G
Ngunit kasalata'y di maipagkaila
     C                        D            D7
Kaya't handog namin lagom na ideya
```

***Koro:***

```
       G     G7              C
Una sa lahat, baya'y paglingkuran
            D                     G
Mag-ambag ng salinlahi sa himagsikan
```

```
   Bm                              E7
Inyong pagmamahalan gawing 'sang huwaran
          Em      C            D              G
Dagdag na lakas sa paggapi sa kaaway
```

```
  G                    G7
Ito'y bagong yugto ng inyong buhay
     C                          G
Pinag-aaralan nang hindi mahandusay
     Am                      D             G
Ngunit kung may krisis na sa daa'y humaharang
  C                             D
Alalahanin ninyo ang mga gintong aral.
```

*(Ulitin ang Koro)*

## AWIT SA KASAL

Ang pag-iisang dibdib ay pagpanday
Sa pag-ibig
Ito ay wagas na pangakong mag-alay
Ng panahon at buhay
Alang-alang sa iyong minamahal

Ito rin ay kasunduan sa iniirog na bayan
Pag-aalay sa kanya ng panahon at buhay

**BABAE**

*Am*
Kayo ba ang mga Maria Clara

Mga Hule at mga Sisa
*Dm*
Na di marunong lumaban
*Am*
Kaapiha'y bakit inililuha
*F* *E-Am*
Mga babae, kayo ba'y sadyang mahina?

*Am*
Kayo ba ang mga Cinderella

Na lalaki ang tanging pag-asa?
*Dm*
Kayo ba ang mga Nena
*Am*
Na hanapbuhay ay pagpuputa?
*F* *E-Am*
Mga babae, kayo ba'y sadyang pang-kama?

***Koro:***
*Am*
Ang ating isip ay buksan

At lipuna'y pag-aralan
*Dm*
Pano nahubog, inyong isipan
*Am*
At tanggaping kayo'y mga libangan
*F* *E-Am*
Mga babae, ito nga ba'y kapalaran?

Bakit ba mayroong mga Gabriela
Mga Teresa at Tandang Sora
Na di umasa sa luha't awa
Sila'y nagsipaghawak ng sandata
Nakilaban, ang mithiin ay lumaya

Bakit ba mayroong mga Lisa
Mga Liliosa at mga Lorena
Na di natakot makibaka
At ngayon marami ang kasama
Mga babae, ang mithiin ay lumaya

*(Ulitin ang koro at huling saknong)*

Mga babae, ang mithiin ay lumaya

**Ang kantang* Babae *ay naging popular maging sa radyo at telebisyon. Maaari itong itanghal sa mga pulong-masa at pag-aaral sa EKM-Kababaihan.*

## AWIT NG TAGUMPAY

*Pasakalye – Am  C  F  E (2x) E—*

```
      Am       C        F                    E
Bangon bayan, tayo'y magwawagi
     Am    C            F           E
Abot-tanaw ang bagong araw
      F     G        C                Am
Puso, diwa ng bayang dinusta
      Dm   E        Am          A7              Dm    G
Sumisigaw, hustisya at paglaya ng bayang api
      C               Am
Walang katarungan
    Dm    E       Am
Daan taong hawak ng dayuhan

      Am    C         F                   E
Sulong bayan, tayo'y magwawagi
     Am     C         F               E
Ating yaman, laging ipaglaban
     F      G       C                     Am
Lupa, langit, dagat, kabundukan
     Dm       E       Am            A7             Dm
Nasa kamay ng mga dayuhang mapang-api
       G         C              Am
Ganid, mapagsamantala
      Dm  E      Am
Kapitbisig, hindi malulupig!
```

***Koro:***

```
     Dm                          B
Sumulong ka bayan, tayo ngayo'y lalaban
    Am
Ubos lakas ang tinig,
 Dm              E
Isisigaw ang sulong!
```

*Am          C               F          E*
Tibayan ang hanay, gapiin ang kaaway! *(2x)*
*Am             C            F              E*
Sumulong ka bayan, tayo'y lalaban *(2x)*

*Am    C      F                  E*
Sulong bayan, tayo'y magwawagi
*Am  C     F             E*
Ipaglaban, ating karapatan
*F       G        C                 Am*
Hilaga, Timog, Silanga't Kanluran
*Dm     E           Am         A7          Dm*
Bawat sulok ng baya'y nagkakaisang tunay
*G       C            Am*
Ang buong kapuluan
*Dm E      Am*
Kapitbisig, hindi malulupig!

*Am      C         F                 E*
Bangon, sulong, baya'y magwawagi
*Am    C         F                E*
Sabay-sabay, sigaw ng tagumpay
*F         G           C            Am*
Lungsod, baryo, iskwela't pabrika
*Dm  E       Am          A7              Dm         G*
Ihuhudyat, sigaw ng kalayaan ng bayang may apoy
*C           Am*
Sa diwa at dibdib
*Dm E    Am*
Kapitbisig, hindi malulupig.

## AWIT NG PAG-ASA

*Pasakalye : C-G-F-G*

```
C          G         F     G
Kahit kay haba ng lalakbayin
C                 G    F          G
Daang tag-araw man ang humagupit
Am          Em        F              C
Kahit ilang libong tag-ulan ang sumapit
    Dm               G
Hinding-hindi tayo titigil

C      G       F         G
Dahil mithi nati'y palayain
C      G     F         G
Bawat isa sa pagkaalipin
   Am       Em          F            C
Sa gitna man ng gutom, kahirapa't pasakit
     Dm                G
Hinding-hindi tayo susuko
```

***Koro:***

```
      Am                    Em
Kahit na may bagyo, kahit na may unos
        F               C
Kahit may libo-libong kaaway
      Dm             C
Kahit na magapi at ilan ang matira
      F             G
Sa ating dakilang hanay
          Am               Em
Tayong manggagawa at magsasaka
    F                C
Sambayanan ay muling babangon
      Dm                C
```

Ipagtatagumpay ang bawat labanan
   *F*    *G*           *C*
Sa buong daigdig

*C*         *G*                  *F*           *G*
Kahit hadlangan ng libong armas
*C*          *G*                  *F*            *G*
Ang ating hukbo ay hindi aatras
*Am*           *Em*           *F*               *C*
Lakas ng masa ang ating sandigan
      *Dm*                         *G*
Saan mang laranga't digmaan

(*Ulitin ang koro)*

*Dm*                               *C*
Ipagtatagumpay ang bawat labanan
*F*       *G*           *C*
Sa buong daigdig...

* *Maaaring itanghal sa mga pulong-masa, pagtitipon at ibang pang okasyon.*

## ANG MASA

*Pasakalye: D7*

  G
Ang masa, ang masa lamang
                        D7
Ang siyang tunay na bayani
    Am
Ang masa, ang masa lamang
            D7      G-D
Ang siyang tagapaglikha

      G
Ang masa, ang masa lamang
                    E
Ang siyang tagapaglikha
       Am  D7      G   E
Ang masa, o ang masa
        Am        D7      G-D7
Tagapaglikha ng kasaysayan

## ANG LINYANG PANGMASA

   G
Sundin nang buong tatag
                  D
Ang linyang pangmasa
        Am          D
Mula sa masa, tungo sa masa
                  G-D7
Ito ang ating patnubay

    G
Sundin nang buong tatag
    G7            C
Ang linyang pangmasa
         Am-D7          G    E
Mula sa masa, tungo sa masa
  D                G
Ito ang ating patnubay

**MAKIBAKA, HUWAG MATAKOT**

```
 Em          G
Makibaka, huwag matakot
   Em            Am     D
Harapin ang kahirapan
  Em         G
Magkaisa at lumaban
  Em                 D           G
Nang makamtan ang tagumpay

   Em              G
Magpakatatag, huwag matakot
  Em                Am        D
Nang mapalaya ang bayan
  Em            G
Hanay natin ay tibayan
 Em         D         G
At durugin ang kalaban

  Em               G
Magpakatatag, huwag matakot
 Em        Am          D
Sa mga pagpapakasakit
 Em          G
Kahirapa'y pangibabawan
 Em                  D           G
Nang makamtan ang tagumpay
```

MAKIBAKA, HUWAG MATAKOT!

**** Nilikha ang mga kantang*** **Ang Masa** ***at*** **Ang Linyang Pangmasa** ***noong 1966 na hinalaw sa artikulong*** **Ang Linyang Pangmasa mula sa Mga Siniping Pangungusap ng Tagapangulong Mao Tsetung.** ***Binatay naman ang awiting*** **Makibaka, Huwag Matakot** ***(1966) sa isang rebolusyonaryong kanta mula sa Tsina. Ginawan ito ng karampatang pagbabago noong 1982. Maaari itong awitin sa mga pulong-masa, iba't ibang pag-aaral (MKLRP, ARAK, EKMs, atbp.) at pagtitipon gaya ng anibersaryo, at iba pa.***

## SUMULONG KA, ANAKPAWIS

*Pasakalye: Dm-G-Dm-G-C*
*Capo 2nd fret*

```
C                        Dm
Sumulong ka anakpawis
   G                           C
Huwag alintanain ang sugat sa dibdib
                              Dm
Wala nang ibang makalulunas
      G                E
Sa iyong mga paghihirap
    Dm             G           C
Kundi ikaw sa iyong mga palad

  E
Kung tayo ma'y malalagasan
     Am
Tibayan mo ang kalooban
        Dm
Sapagkat nasa atin ang tiwala
          G
Ng buong sambayanan
```

*(Ulitin ang unang saknong)*

* *Nilikha sa Kamaynilaan.*

## ISIPON MO SANA, REBOLUSYON KITA

*Pasakalye: G – D – G - D*

*G D*
Isipon mo sana rebolusyon kita
*Am D G*
Saen man magduman magpaliwanag kita
*G G7 C*
Maging sa pagturog asin sa pagmata
*Am G D G - D7*
Problema kan masa simong giromdoma

***Koro:***
*G F# G D*
Sa aldaw sa banggi antes kan magtorog
*Am D G -D7*
Problema kan nasyon hanapan solusyon
*G F# G G7 C*
Tanganing matiwasay an satong pagkabuhay
*Am G D G –D7*
Isipon mo sana rebolusyon kita

*G D*
Isipon mo sana na NPA kita
*Am D G*
Pagburuligan ta gabos na problema
*G7 C*
Sa gabos na oras preparado kita
*Am G D G - D7*
Na makipaglaban sa mga pasista

(*Ulitin ang unang saknong at koro*)

*G D G*
Isipon mo sana rebolusyon kita...

** Ang kantang ito na adaptasyon ng awiting Bikol na Isipon Mo Sana ay likha ng Gintong Silahis.*

## SULO SA LIBON

*Pasakalye :Am-C-Dm—*
*             Am-C-F-  E—*

Am                        C            Dm
May silyab na nagpoon sa bulod kasuhapon
           Am             C            F                  E
Na naging daba-daba, mangirhat na paghilngon
        Am           C              Dm
Dai na mapupugulan ang sulo na dakulaon
             Am           C                F-E (tigil)       Am
Na ngonyan minakanap palugsot sa poblasyon

            Am         C          Dm
Maski ngani ituon sa syudad na harayoon
           Am           C           F                    E
Nadangog ko pa man an baritang magayonon
         Am                  C            Dm
Ribo-ribong nagmartsa, dakulang demonstrasyon
       Am        C           F-E (tigil) Am
Nin mga paraoma duman sa Libon

***Koro 1:***
            C                                             Dm
Siring man kaini an paglakop kan rebolusyon
             Am        C                  F- E(tigil) Am
Duman sa ginikanan kong banwa nin Libon
        C                                                 Dm
Nataranta an kalaban sa banwa sarong leksyon
              Am    C                  F-E(tigil)      Am
Pag nagkasararo, pwersa kitang makosogon

```
         Am            C             Dm
Sa satuyang kahimanwa, paryentes, amigo man
       Am                C               F                E
An tugon ko man tabi dai nindo paglingawan
    Am           C         Dm
Pinto, boot, isip ta pirmi sanang buksan
        Am          C                F-E (tigil)       Am
Sa satuyang hukbo pati mga kasama dyan
```

***Koro 2:***

```
        C                                               Dm
Sa saindang pag-antabay kita magtarabangan
          Am       C              F-E (tigil) Am
Ipundar an satuyang bagong kinaban (2X)...
```

* *Maaaring itanghal sa mga pulong-masa, pagtitipon at pag-aaral ng EKM-Magsasaka, RGRL, at sa pagpapasigla ng kampanyang agreb.*

## MARTSA KAN BIKOLANDIA

```
Intro:C-C
      G-F#-E
      Am-D-G-D7

      G      D          G
Oya na ining martsa
                  C                       G
kan namamanwaan kan Bikolandia
        C         D           G- Em
May dara-darang protesta
   Am                      D
Laban sa mga kaiwal ta

     G       D        G
An inot imperyalismo
             C                         G
Nagsusupsop kan ekonomiya ta
         C      D          G-Em
Ikaduwa an pyudalismo
                Am       A7        D
Nagkakamkam kan mga daga ta
          G       D       G
Burukrata kapitalismo (ikatulo! )
      C                        G
Simbolo kan lapang estado
         C        D      G-Em
Pasismo an pipahiro
          Am   A7          D
Ta nganing kita magruro
```

***Koro:***

```
      G            D       G
Madya na kabanwaan
             C      D                G
Magkasararo kita makiglaban
              C         D              G-Em
Problema ta-wan tang solusyon
          Am    D             G
Iuswag ta ining rebolusyon
```

(*Ulitin ang koro)*

Rebolusyon! Rebolusyon! Rebolusyon!!!

## PANTASYA

```
Am
Kaytagal ko ring nabuhay sa pantasya

Ang buhay raw ng tao'y kapalaran ang may pasya
  Dm                     Am
Tulad ng gulong, mapataas mapababa
     B                E
Ngunit bakit tayo'y lagi na lang dukha?

Kaytagal ko ring nabuhay sa paniniwalang
Kapalaran daw ng tao'y darating na lang kusa
O ito'y ibibigay ng isang bathala
Ngunit ito pala'y isa lamang haka-haka.
```

***Koro:***

```
     A               F#m
Ang dating mga paniniwala
 C#m              D
Tinapon ko nang lahat
      Dm   A                F#m
Ang langit nating mga dukha
   B            E        Am
Tayo ang gagawa dito sa lupa.

Am
Ngayo'y alam ko na kung bakit naghihirap

Tayong mga dukhang punung-puno ng haka-haka
      Dm                        Am
Ang langit at impyerno'y sila rin ang may likha
     B               E7
Langit ay kanila, tayo ang kawawa
```

Ngayo'y alam ko na ang tunay na mga demonyo
Sila ang nagpapasasa sa kayamanan ng tao.
Tayo ang lumikha ng kayamanan sa mundo
Ngunit tayo pa rin ang nakatira sa impyerno.

*(Ulitin ang Koro…)*

* *Ang Pantasya ay nilikha sa Cagayan Valley noong 1978. Maaari itong itanghal sa mga pulong-masa, pagtitipon, pag-aaral ng Araling Aktibista, MKLRP at iba pa.*

**TANO**

*Pasakalye: Dm – C – Dm*

```
 Am                          G                        Am
May isang magsasakang Tano ang pangalan
                             G                       Am
Lupa nyang sinasaka'y tanging kayamanan
Dm                  Am  Dm              Am
Minsa'y nagkasakit kaisa-isang anak
  Dm                  Am          G                    Am
Naubos ang konting pera'y di pa rin lumalakas

Am                                 G                     Am
Sa asendero'y nangutang isandaang piso lang
                             G                   Am
Ngunit ito'y madodoble sa anihan babayaran
Dm               Am   Dm                   Am
At kapag pumalya, madodoble na naman
     Dm                      Am       G                 Am
Madodoble nang madodoble hangat di mabayaran
```

***Koro 1:***

```
Dm     Am      G
Tano, Tano, sa gipit  mong kalagayan
Dm     Am      G
Tano, Tano, anong kasasapitan?
```

```
Am                                  G                      Am
Lumipas ang mga anihang sinalanta ng bagyong
nagsidaan
Am                             G                     Am
Ang pobreng si Tano'y nabaon sa utang
Dm                         Am   Dm                    Am
Hanggang ang lupa nya ang naging kabayaran
```

*Dm                    Am      G                    Am*
May utang pa si Tano nakikisaka na lang

*Am                                  G                   Am*
Ilan ang tulad ni Tanong pinahihirapan?
*Am                                   G                    Am*
Sila'y marami pa ngayon dito sa kanayunan
*Dm                        Am    Dm                  Am*
Ngunit itong si Tano ay biglang naglaho
*Dm                     Am      G                      Am*
Nang siya'y makita doon sa kabundukan

*Ad Lib: Dm – C – Dm*

*Dm                     Am    Dm                  Am*
Ngunit itong si Tano ay biglang naglaho
*Dm                   Am   G                        Am    E*
Nang siya'y makita doon sa kabundukan
*Am*
Kasama ang sandatahan
*Dm                         Am        E                          Am*
Siya'y naging mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan

***Koro 2:***
*Dm              Am*
Ngayon ay lumalaban si Tano sa gahaman
*Dm           Am*
Mga tulad ni Tano tayo na't lumaban *(3x)*

** Ito ay nalikha sa Cagayan Valley noong 1979. Maaaring itanghal ito sa mga pulong-masa, pulong-pagsisiyasat, mga okasyong gaya ng anibersaryo at sa mga pag-aaral ng MKLRP, EKM–magsasaka, RGRL at iba pa.*

## RESIKADA

*Pasakalye :* C-G-C (Hinto)

O ano mga kasama
handa na ba kita?
O sige batog na kita ha,
Ok 5,6,7,8

*C*
Paglukad ko, kumulog ang liog ko
Kumulog ang bewang ko,
        *G*                      *C*
Kopras, kopras,kopras
*C*
Paglukad ko, kumulog ang likod ko
Kumulog ang braso,
       *G*                    *C*
Kopras, kopras, kopras

***Koro:***
         *F*                        *C*
Resikada ibaba, ibaba nang ibaba
       *G*                      *C*
Presyo ng kopras itaas nang itaas
         *F*                      *C*
Resikada ibaba, ibaba ng ibaba
       *G*                        *C*
Presyo ng kopras itaas ng itaas....

Aw!!! (Magdarangog kita ! )

***Rap I***
Kita ang nagniwang, wara sa pagtaba
Sobra ang pagsakit sa presenteng sistema
Habo na kita sa mga panloloko

Habo na kita sa halangkaw na porsyento
Ang gusto san gabos, mahali ang pagtios
Ang puhunan ta pagkasararo asin kusog

Arapin kita na mga paralukad
Upod an pamilya,— Kopras *(3X)*
Arapin kita na  mga kababaryo
Upod an entero,-- Kopras *(3X)*

*(Otrohon ang koro)*

Aw!! Magkasararo kita

***Rap II***
Mga paralukad, kitay namulat na
Buhay daing ginhawa sa lupa na sistema
Komprador asin gobyerno magkasabwat palan
Sinda ang nagyayaman pero dai nagpapagal
Ang kaipuhan ta kitay magkasararo
Manindugan,lumaban hanggang kapangganahan

Arapin kita na mga parakawit, mga paratipon
Mga parahakot,— Kopras *(3X)*
Arapin kita na mga parapalaw, mga parahukal,
Mga parakangga,—Kopras (3X)

*(Otrohon ang koro)*
*(Otrohon ta gihapon)*

Nano niyan an himoon ta ?

LUMABAN NA !!! ATO!

**Hinalaw ang tono ng* **Resikada** *sa isang sikat na awit sa radyo at telebisyon (“Spageti Song”). Pinopularisa ito para pagpapasigla ng kampanya sa rebolusyong agraryo, partikular sa pagpapababa ng porsyento ng risiko.*

## MANGGAGAWANG PANGKULTURA

***Koro:***

```
      Am         G                Am
Tayo na manggagawang pangkultura
     Am   G           Am
Tayo na sa hanay ng masa
     F       Am
Sarili ay pandayin
      F      Am
Sining mo'y likhain
     G     E      Am
Sa gitna ng pakikibaka

      Dm                   Am
Bawat hagod ng pinsel sa landas ng buhay
    F                    E
Ang bukas ay gawing makulay
       Dm                       Am
Tapang at kagitingan ng mga mamamayan
    F          E
Ay ating isalarawan

      Am
Ang gitara'y tugtugin

Mga tinig ay laksan
     G             Am
Gisingin ang aping bayan
                        G     Am
At ating pasiglahin ang pakikidigma
   F          E
Sa awit ng paglaya
```

*(Ulitin ang Koro)*

*Dm* *Am*
Ang panulat ay sulo na tanglaw sa dilim
*F* *E*
Pagsilbihing gabay natin
*Dm* *Am*
Sa kwento at tula ay bigyang halaga
*F* *E*
Manggagawa't magsasaka

*Am*
Ang pag-arte at sayaw

Mga kilos at galaw
*G* *Am*
Halawin sa karanasan
*Am*
Sa tanghalan ng digma
*G* *Am* *F* *E*
Bawat tunggalian ng uri'y pag-aralan

*(Ulitin ang Koro)*

*G* *E* *Am*
Sa gitna ng pakikibaka

## LUPANG SINIRA

```
G                              D
Bayang mahiwaga sa malayong silangan
C             G       D                        G
Alab ng puso sa dibdib mo'y apoy
G                        D
Lupang sinira, bayan ng magigiting
C                G          D              G
Sa manlulupig ikaw ay lalaban
```

***Koro:***

```
                C
Sa nayon at lungsod
                      G
Itinatag makabayang pamahalaan
                  C
May  tilamsik ng dugo at awit
             G
Sa paglayang inaasam
                D
Ang pula ng watawat mo'y
                  G
Tagumpay na magniningning
                         D
Ang karet/maso at kamao niya'y
                   G
Hinding-hindi magdidilim
             C                  D      G
Laya ay langit kaluwalhatia't pagsinta
                C        D             G
Buhay ay lupa sa piling mo
```

*(Ulitin ang koro)*

*C* *D* *G*
Aming ligayang makita ang baya'y di api
*C* *D* *G*
Ang mamatay nang dahil sa'yo
*C* *D* *G*
Aming tungkuling ubusin ang mapang-api
*C* *D* *G*
Ang pumatay nang dahil sa'yo

** Ang awit na ito ay hinalaw sa Lupang Hinirang. Maaari itong itanghal sa mga pulong-masa, okasyon, pagtitipon at pag-aaral ng MKLRP, at iba pa.*